FILIPINO

Pagpili ng Mahusay na Paalagaan ng Pamilya sa Araw

Impormasyon Para sa mga Familya

Putting Children First®

NCAC

National Childcare Accreditation Council Inc.

Ano ang paalagaan ng pamilya sa araw?

Ang paalagaan ng pamilya sa araw ay isang serbisyong paalagaan ng mga bata na nag-aalaga sa maliit na grupo ng mga kabataang may edad mula bagong-silang hanggang 12 taong gulang sa ligtas at komportableng kapaligiran ng bahay ng mga rehistradong tagapag-alaga. Ang mga tagapag-alaga sa pamilya ay gumagawa kasama ang pakikipagtulungan ng isang pamamaraan, mga nasanay na kawani ng opisinang tagapag-ugnay at mga pamilya upang makapagbigay sa mga bata ng mga karanasan na nagpapataas indibidwal na kagalingan, interes at mga pambihirang karanasan sa pamilya.

Sa tahanan ng isang tagapag-alaga ng pamilya sa araw, ang mga bata ay may pagkakataong makabuo ng maigting na ugnayan sa isang tagapag-alaga at mga ibang bata na mas bata o mas matanda kaysa kanila.

Saan ako makakahanap ng isang paalagaan ng pamilya sa araw ?

Ang mga pamilya ay maaaring makahanap ng isang paalagaan ng pamilya sa araw sa pamamagitan ng pagtawag sa lokal na pamamaraan. Pag-uusapan ng pamilya at kawani opisinang tagapag-ugnay ang kakailanganin at proseso ng pagpapatala. Ang opisinang tagapag-ugnay ay hahanap ng maaaring lugar sa paalagaan at pagtatagpuin ang tagapag-alaga at pamilya upang pag-usapan ang tungkol sa kaayusan ng pag-aalaga.

Upang matulungan ang mga pamilyang naghahanap ng paalagaan, ang National Childcare Accreditation Council (NCAC) ay naglalagay ng mga pangalan ng mga paalagaan sa bata sa pamamagitan ng madaling paghahanap sa aming website (www.ncac.gov.au) o sa pagtawag sa 1300 136 554.

Ano ang mga katangiang dapat kong hanapin?

Ang pagpili ninyo ng serbisyo sa paalagaan sa bata ay maaaring naaapektuhan ng ibat-ibang bagay kaya ang mga pamilyang naghahanap ng mahusay na paalagaan sa bata ay hinihikayat na ihanda ang mga gustong itanong at kung ano ang hahanapin sa isang serbisyo ng paalagaan sa bata. Maaaring gusto ninyong tanungin ang inyong sarili ang mga sumusunod na katanungan:

Para sa lahat ng mga bata

- Ang tagapa-alaga ba ay rehistrado sa isang akreditadong pamamaraan? Hilinging tingnan ang kanilang Certificate of Accreditation at Quality Profile.
- Paano makakatulong at masusundan ng pamamaraan ang tagapag-alaga ng aking anak?
- Ang mga tagapag-alaga ba ay nakikipag-usap sa mga bata ng malambing at mapagkaibigang paraan?
- Anong pangsimulang proseso ang nandoon para sa aking pamilya? Ano ang mangyayari sa unang araw ng aking anak sa paalagaan?
- Paano masusubaybayan ang aking anak?
- Paano mapangangasiwaan ang aking anak kapag nakikipaglaro sa mga mas matanda at malaking mga bata?
- Anong mga gawain ang gagawin ng aking anak? Paano pinipili ang mga gawaing ito?
- Anong balik-ulat ang ibibigay sa akin tungkol sa naging araw ng aking anak at paano ko ito malalaman?
- Mayroon bang naka-displey na nakasulat na programa? Paano makikialam ang aking pamilya sa pagpaplano at pagtasa ng mga gawain?
- Paano masasagot ng tagapag-alaga ang mga natatangi o mga dagdag na pangangailangan ng aking anak?
- Paano mapapakinggan at magagawa ang mga nasa kaisipan at opinyon ng aking anak?
- Mayroon bang mga laruan, kagamitan at mga gawain na maaaring pagpipilian ng aking anak at makakasagot sa kanyang interes at kakayahan?
- Ang mga gawain at mga bagay na gagamitin ba ay nakakainteres at nakakahamon sa mga mas matandang bata?
- Mayroon bang mga pagkakataon upang makasali ang aking anak sa mga gawaing nagbibigay sa kanila ng pagkakataong masubukan ang mga tunay na gawain sa buhay? Halimbawa, pangpersonal na kalinisan at mga oras ng kainan.
- Ang mga kagamitan ba at kapaligiran sa labas at loob ng paalagaan ay nakakaakit, maayos, ligtas at malinis?
- Ano ang patakaran sa pamamatnubay ng asal at ano ang gagawin ng mga tagapag-alaga kung may nag-aawayan, nag-iiyakan o hindi nakikisama sa mga gawain?
- Sino ang responsable sa pagbibigay ng pagkain at inumin sa bata? Ang ibinibigay bang pagkain ay sapat at masustansya? Paano maibibigay ang mga natatanging pagkaing kinakailangan ng aking anak?
- Mayroon bang impormasyon tungkol sa mga alituntunin at mga pamamaraan na maibigay sa mga pamilya? Paano kami makakuha ng impormasyong ito?
- Anong mangyayari kung ang aking anak ay nangangailangan ng medikasyon? Papaano kung siya ay magkasakit o maaksidente habang nasa inyong pangangalaga?

Mga bata mula 0-5 taong gulang

- Sino ang responsable sa pagpapalit ng lampin ng aking anak?
- Paano matutulungan ang aking anak na masanay sa paggamit ng kubeta?
- Paano ko malalaman ang tungkol sa mga kalakaran sa pagkain at pagtulog ng aking anak?
- Ano ang mangyayari kung ang aking anak ay umiinum pa sa mamadol o pinapasuso?
- Ano ang kaayusan sa pagtulog ng aking anak? Ano ang mangyayari kung ayaw niyang matulog?

© National Childcare Accreditation Council Inc - June 2005

Buksan ang pahina ->

Mga batang nag-aaral

- Anong proseso ang nakalagay para makasali ang aking anak sa pagpaplano, pagdedesisyon at sa paggawa ng mga alituntunin at kahihinatnan?
- Paano ang paghatid at pagsundo ng aking anak sa eskwela? Paano niya malalaman ang mga pamamaraang ito?
- Anong pangangailangan sa kaligtasan ang dapat pag-isipan sa paghahatid ng aking anak kapag papunta at parating sa eskwela at pamamasyal?

Ano ang Family Day Care Quality Assurance (Katiyakan sa Kahusayan ng Paalagaan ng Pamilya sa Araw)?

Hangarin ng FDCQA na mabigyan ang mga batang nasa paalagaan ng pamilya sa araw ng buong Australya ng pinakamagaling na pagkaka-alaga na mahusay na nakapagtataguyod ng kanilang pag-aaral at paglaki.

Ang malawak na hangarin ng FDCQA ay matiyak na ang mga bata sa paalagaan ng pamilya sa araw ay may nakakapagpagana at masayang karanasan at ugnayan na nakakapagtaguyod sa lahat ng bahagi ng kanilang pag-unlad. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pagsasabi kung ano ang mahusay na paalagan ng pamuilya sa araw at pagbibigay ng paraan sa pagtasa ng mahusay na pag-aalaga. Ang mga pamamaraan na nakakasagot ng mga batayan ng FDCQA ay binibigyan ng Akreditasyon ng NCAC at ginagantimpalaan ng isang *Certificate of Accreditation* na kanilang ididispley. Makakatanggap pa sila ng *Quality Profile Certificate* na nagpapakita ng nakamit na marka ng pamamaraan sa bawat 'Quality Areas'. Pwedeng hilinging tingnan ng mga pamilya itong *Sertipiko*.

Ang mga batayan sa Akreditasyon ay base sa 6 na Pook ng Kahusayan sa pag-aalaga na silang nagtitiyak na ang mga serbisyo ay nakakapagbigay sa mga bata ng mga posibleng pinakamahusay na karanasan

Ang 6 na Bahagi ng Kahusayan sa FDCQA

1. Mga pakikisalamuha – ang mabuting pakikisalamuha sa pagitan ng mga bata, pamilya, tagapag-alaga at kawani ng opisinang tagapag-ugnay ay bahagi ng isang matagumpay na pamamaraang paalagaan ng pamilya sa araw.

2. Kapaligirang Pisikal – Ang isang kapaligirang nakakahikayat, ligtas at may maraming kagamitan ay nakakatulong sa mga batang mamalagi sa paalagaan at nagbibigay sa kanila ng pagkakataong maghalungkat at mag-eksperimento sang-ayon sa kanilang mga pangangailangan.

3. Mga Karanasan, Pag-aaral at Paglaki ng mga Bata – ang pagkakatuto at paglaki- ng mga bata ay napapabilis sa pamamagitan ng mga pagkakataong makagawa ng pagpili at masunod ang kanilang kagustuhan.

4. Ang Kalusugan, Kalinisan, Nutrisyon, Kaligtasan at Kabutihan – lahat ng mga bata ay may karapatan sa mahusay na pagkaka-alaga sa loob ng isang malinis, ligtas at malusog na kapaligiran.

5. Mga Tagapag-alaga at mga Kawani sa Opisinang Tagapag-ugnay – ang mga kawani sa opisinang tagapag-ugnay ay naglilingkod kasama ang mga tagapag-alaga upang matiyak na nasusunod ang mga pamamaraang umiiral na nagpapatuloy sa kahusayan ng mga gawain, programa at kaayusan sa pamamaraan.

6. Pangasiwaan at Pamahalaan – ang pangasiwaan ng pamamaraan at mga kawani ng opisinang tagapag-ugnay ay nagtatatag ng mga mabisa at etikal na alituntunin at proseso ng pangangasiwa.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga Bahagi ng Kahusayan (Quality Areas), tingnan ang FDQCA *Quality Practices Guide* (2004).

Ang ginagampanan ng mga pamilya sa FDCQA

Ang FDCQA ay naghihikayat sa bawat pamamaraang paalagaan ng pamilya sa araw at mga pamilya na sama-samang gumawa at magrebisa sa pilosopya, mga alituntunin at paraan ng pamamaraan. Ang mga ito ay magiging patnubay sa mga nararapat na karanasan, ang estilo ng pakikipagsalamuha at lahat ng mga gawain sa pamamaraan.

Mahalaga rin na ang mga pamilya ay malayang makakapag-usap sa mga tagapag-alaga o kawani ng serbisyo tungkol sa mga alituntunin ng paalagaan sa disiplina, kalinisan, pamamasyal, pagbabakuna, pagsanggalang sa sikat ng araw at kaligtasan.

Dahil ang mga kapaligiran sa paalagaan ng bata na naibibigay ng mga pamamaraan sa paalagaan ng pamilya sa araw ay masisikip, ang mga paraan at kalakaran ay kailangang naibabagay. Mahalagang pag-usapan ng mga pamilya ang tungkol sa mga pangangailangan ng kanilang mga anak sa mga tagapag-alaga upang maikonsidera ito sa pang-araw-araw na pag-aalaga.

Paano Madaragdagan ang Kaalaman Tungkol sa Mahusay na Pagkaalaga ng Anak

Ang NCAC ay masigasig na nakikipagtulungan sa mga pamilya na madagdagan ang kaalaman tungkol sa mahusay na pagkakaalaga sa anak. Ang impormasyon tungkol sa Katiyakan sa Mahusay na Pagkakaalaga sa Bata (Child Care Quality Assurance) ay nasa website ng NCAC. Mayroon ding mga kopya ng mga nilimbag na sa mga nagbibigay ng serbisyong pangangalaga sa mga bata.

Ang mga pamilyang nag-aalala sa kalidad ng pangangalagang ibinibigay ng isang paalagaan ng pamilya sa araw ay dapat makipag-usap tungkol sa mga bagay na ito sa paalagaang ding iyon. Ang mga mahusay na pamamaraan ay may maliwanag at malinaw na proseso sa paghawak ng mga hinanaing at reklamo. Kung naghain na kayo ng mga pag-aalala tungkol sa isang pamamaraan ng paalagaan ng pamilya sa araw ngunit hindi ito nasagot nang maayos, ang NCAC ay may proseso sa paghawak ng mga reklamo. Makakakuha ng kopya nito sa aming website o tawagan ang NCAC.

Para sa dagdag na impormasyon sa pagka-alaga ng bata at pagpili ng isang mahusay na serbisyo, tawagan po ang NCAC sa **1300 136 554**.

Mga Oras ng Opisina: Lunes hanggang Biyernes 8:30nu – 5nh, oras ng NSW

Padalahan sa Sulat: Level 3, 418-a Elizabeth Street Surry Hills Sydney NSW 2010

Telepono: 1300 136 554 **Fax:** (02) 8260 1901

E-mail: qualitycare@ncac.gov.au

Website: www.ncac.gov.au

Telephone Translating Service para sa mga tawag sa mga wikang hindi Ingles: 131 450

National Relay Service para sa mga tumatawag na may kapansanan sa pakikinig o pagsasalita:131 677

Ibang Magagamit na Kontak

Child Care Benefit – mga kabayaran sa pamilya upang makatulong sa mga gastusin sa pagpapaalaga. Tawagan ang Family Assistance Office sa 136 150 o ang inyong pinakamalapit na Centrelink o Medicare office.

Fair Trading and Consumer Affairs – kung may pag-aalala kayo tungkol sa mga babayaran sa pagpapa-alaga o mga kontrata, tawagan ang departamento sa gobyerno na responsable sa makatarungang ugnayan ng kalakalan at namimili.

© National Childcare Accreditation Council Inc - June 2005